

Taon XXXIX Blg. 21 Nobyembre 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Korapsyon sa gitna ng krisis

In uling sumambulat ang walang hangganang korapsyon, kabulukan at pagmamaniobra ng rehimeng Arroyo sa pagputok na naman ng dati at bagong malalaking kaso ng korapsyon. Lalong tumatampok ang usapin ngayon dahil sa iba't ibang paraang ginagawa nito para mapigilan ang imbestigasyon kay dating Undersecretary of Agriculture Jocelyn "Jocjoc" Bolante. Si Bolante, punong opereytor ni Arroyo noong 2004 sa pagkulimbat ng P2.8 bilyong pondo ng Ginintuang Masagang Ani ay pinabalik kamakailan sa Pilipinas makaraang tanggihan ng US ang hiniling niyang asylum (pagkanlong) doon.

Walang pinag-iba ang mga maniobra ngayon ng naghaharing rehimen sa pagbusal din nito sa iba pang maaaring tumestigo hinggil sa mga krimeng kinasasangkutan ng pamilyang Arroyo. Ang desperado at garapalang pagtatangka ng rehimeng Arroyo na pigilang magsalita si Bolante sa Senado ay nagpapakita ng lubha nilang pagkatakot na malantad sa publiko ang kinasasangkutan nilang mga katiwalian at krimen na tivak na makapagpapasiklab sa galit

Puspusan ang pagsisikap ng rehimeng Arroyo na panatilihing nakapinid ang mga lihim

ng bayan.

ng katiwalian sa pondo ng Ginintuang Masaganang Ani lalo't balak nilang gamitin muli ang gayong iskema sa nalalapit na eleksyong 2010. Sa panukalang badyet ng rehimen para sa 2009, mahigit \$\mathbb{P}\$3.3 bilyon ang inilaan ni Arroyo para umano sa pagbili at pamamahagi uli ng abono. Bahagi ito ng \$\mathbb{P}\$7 bilyong bagong alokasyon para sa Ginintuang Masaganang Ani—ang mismong programang ginawang palabigasan nina Arroyo at Bolante noong 2004. Kaliwa't kanan ang iba pang pakana nina Arroyo at ng kanyang mga alipures

upang ibayo pang malimas ang kabang-yaman ng bayan.

Ang paglala ng korapsyon ni Arroyo nitong huling mga taon ng kanyang paghahari ay bahagi ng mga paghahanda niya para lalong matiyak ang pananatili niya sa poder lampas sa 2010. Lalong humihigpit ang kapit niya sa poder sa labis na pangambang panana-

gutin siya sa kanyang mga kasalanan sa bayan.

Ilampung bilyong pisong pondo ang tinitipon ni Arroyo bilang paghahanda sa haharapin niyang mga pampulitikang labanan kaakibat ng pagsisikap niyang magpatuloy ang kanyang kapangyarihan lag-

kapangyarihan lagpas sa kanyang kasalukuyang termino. Gagamitin niya itong pambili ng suporta ng mga pu-

Mga tampok sa isyung ito...

26 armas nasamsam, 43 kaswalti ng AFP-PNP PAHINA 4 7 detenidong kasama sa Quezon, itinakas ng BHB PAHINA 5 Imperyalismong US sa ilalim ni Obama

PAHINA 11

litiko para sa iskemang cha-cha (charter change o pagbabago ng konstitusyon) upang pahintulutan ang muli niyang pagtakbo bilang presidente o punong ministro. Kung di man ay qaqamitin niya ang dambuhalang pondo para matiyak na sa kanya pa rin ang katapatan ng mga maipapanalong kandidato sakaling matuloy pa rin tulad ng dati ang eleksyon sa 2010. Kasabay nito, qinaqamit ni Arroyo ang pondong ito upang bilhin ang katapatan ng mga upisyal militar at pulisya sakaling humantong siya sa pagpapataw ng paghaharing militar kapag nabigo ang itinutulak niyang cha-cha.

Dahil sa lalong sumisidhi ngayong sosyo-ekonomikong krisis, bawat isang kusing na nakawin ni Arroyo mula sa pondo ng bayan ay dumadagdag sa hapdi ng kumakalam na sikmura ng nagdarahop na mamamayan. Sa pagnanakaw ni Arroyo ng bilyun-bilyong piso, lalong nalulugmok sa kahirapan at pagkaapi at lalong nagpupuyos sa galit ang mamamayan. Umaapaw ang mga bulsa nina Arroyo habang milyun-milyon ang nagugutom, walang lupang masaka, walang ibang mapagkakitaan, walang matinong bahay na mauwian. Napakaraming maysakit ang di makabili ng gamot, milyun-milyong estudyante ang napupwersang pumasok sa mga paaralang sirang-sira at walang mga pasilidad at milyun-milyon pa ang di man lang makapag-aral dahil sa kahirapan at pawang walang kinabukasang aasahan.

Huhusgahan ng kasaysayan ang rehimeng US-Arroyo bilang isa sa pinakabulok na gubyernong gumamit ng kapangyarihan para magkamal ng malaking yaman at manupil, sa labis na kapinsalaan ng mamamayan.

Hindi dapat palusutin ng mamamayan ang kabikabilang pagsisinungaling, pandara-

ya at pagnanakaw ni Gloria Arroyo. Hindi dapat pahintulutan na magtagal pa siya sa poder. Ang lahat ng pagkukunwari at pagmamaniobra at ang bawat sandali ng pananatili niya sa kapangyarihan ay kanyang ginagamit upang lalo pang mandambong at pahigpitin ang tanikalang gumagapos sa mamamayan.

Dapat gamitin ng mamamayan ang lahat ng paraan upang mapigilan ang iba't ibang iskema ni Arroyo para mapalawig pa ang kanyang paghahari. Dapat patuloy na magsikap ang lahat ng pwersang demokratiko, patriyotiko at anti-Arroyo na magkaisa sa kabila ng pagtatangka ng Malacañang na hati-ha-

tiin at durugin sila. Dapat pandayin ang pagkakaisang ito para matipon nila ang lakas na magbabagsak kay Arroyo.

Lalong nagiging mulat ang mamamayang Pilipino sa pangangailangan ng rebolusyonaryong pagbabangon habang lalo silang nalulubog sa kahirapan at pagkaatrasado sa gitna

ng patuloy na lumalalang krisis sosyo-ekonomiko at mga krimen ng naghaharing rehimen. Habang tumitindi ang kalupitan ng rehimeng Arroyo, lalong tumitibay ang determinasyon ng mamamayan na bagtasin ang landas ng armadong rebolusyon.

Sa pagpupunyagi ng malawak na rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), at pagpupursiqe ng lahat ng mga anti-impervalista, antipyudal at antipasistang pwersa, lalong lumalakas at lumalaganap ang paglaban ng mamamayang Pilipino. Walang sawa ang pagsisikap ng mga rebolusyonaryo, patriyotiko at demokratikong pwersa sa pagtataguyod sa interes ng mamamayan at pagsusulong ng kanilang mga pakikibaka. Patuloy na paiiqtingin ang mga taktikal na opensiba ng mga armadong rebolusyonaryong pwersa, mga pakikibaka ng mamamayan at iba pang paraan ng paglaban para wakasan ang paghahari ni Arroyo at iharap siya sa paghuhusga ng bayan.



Taon XXXIX Blg. 21 Nobyembre 7, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Korapsyon sa gitna ng krisis	1
Pambubusal kay Bolante	3
Matatagumpay na TO	
26 na armas nasamsam sa mga opensiba	4
43 aksyong militar ng BHB sa Samar	4
7 detenido sa Quezon, itinakas ng BHB	5
Operasyong disarma sa Davao Oriental	6
Pagtakas mula sa kaaway	7
Kursong pang-upisyal sa Eastern Visayas	7
Pananalanta ng pasistang estado	
Pagtugis sa mga ligal na aktibista	8
Target: Mga aktibista sa ST	9
Mga Moro, biktima ng militarisasyon	10
Imperyalimong US sa ilalim ni Obama	11
Balita	12
	_

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



### Pambubusal kay Bolante

ahil sa deportasyon ng US kay dating Undersecretary of Agriculture Jocelyn "Jocjoc" Bolante noong Oktubre 28, di na uubra ang dating gawi ng rehimen na itago siya sa bansa o kaya'y ipuslit siya palabas ng Pilipinas upang makaiwas sa imbestigasyon sa mga dambuhalang kaso ng korapsyong kinakaharap niya. Gayunman, wala pa ring tigil ang rehimen sa mga palusot at maniobra.

Si Bolante ang pangunahing opereytor ni Arroyo sa pagkurakot sa ₱2.806 bilyong pondo ng Ginintuang Masaganang Ani na ginamit sa kampanya ng administrasyon sa eleksyon noong 2004. Pinakakontrobersyal lamang na bahagi nito ang ₱728 milyong fertilizer fund na tadtad ng mga anomalya.

May atas ang Senado noon pang 2005 na ipaaresto si Bolante, makaraan ang paulit-ulit na pagiwas niyang dumalo sa imbestigasyon ng Senado sa kaso. Ipinuslit siya ng rehimeng Arroyo palabas ng bansa noong 2005 at humingi siya ng asylum sa US noong 2006. May tahasang palagay na ang nakararami sa Senado na maysala si Bolante at kailangan na lamang makuha ang testimonya niya para maipormal ang husga at maisara na ang kaso.

Hindi nagawa ng Malacañang

na gawin ang ala-Jun Lozada na paghawak kay Bolante dahil nakatutok nang husto ang midya at publiko sa kanyang pag-uwi. Ngunit habang idinidiretso sa St. Luke's Medical Center sa Quezon City, kung anu-ano na ang inisip na mga maniobra ng rehimen para hindi mapaharap si Bolante sa Senado at sa gayo'y mabusalan siya.

Upang tumagal pa siya sa ospital, kung anu-ano ang pinalalabas na sakit ni Bolante sa kabila ng sinasabi ng kanyang medical bulletin na istable at normal ang kanyang kundisyon. Idiniretso si Bolante sa ospital matapos itong magreklamo na masakit ang dibdib nang makalapag na ang eroplano sa Manila International Airport. Kaiba sa karaniwang pasyente, hindi siya idiniretso sa emergency room, bagkus sa isang mamahaling kwarto ng St. Luke's kung saan may naghihintay

nang mga doktor. Iniutos ni Dr. Ramon Saavedra, ang doktor ni Bolante, na huwag siyang tumanggap ng mga bisita.

Kasabay nito, ipinaapura ni Bolante sa Supreme Court na aprubahan ang petisyon para sa temporary restraining order (TRO) para pigilan ang Senate Sergeant-at-Arms na arestuhin siya't paharapin sa Senado. Nitong Nobyembre 3 ay binawing abugado ni Bolante ang petisyon para sa TRO dahil sa katunaya'y naaresto na ng Senado ang kanyang kliyente.

Samantala, binuksan ng Department of Justice ang imbestigasyon ng Office of the Ombudsman sa kaso ng pagkulimbat sa ₱432 milyong pondong pang-abono na isinampa ng mamamahayag na si Marlene Esperat laban kay Bolante. Ito'y matapos tulugan ang kaso nang tatlong taon ni Ombudsman Merceditas Gutierrez, kaibigan ng mga Arroyo.

Ang biglaang pagbukas ng imbestigasyong ito ang ginagamit ngayong dahilan upang pigilan ang Senado sa sarili nitong imbestigasyon. Ayon kina Sen. Edgardo Angara at Juan Miquel Zubiri, dalawa sa pinakamasusuqid na taqapaqtanggol ng mga Arroyo, magbabangayan lamang umano ang Senado at ang Ombudsman kung ipupursige pa ng Blue Ribbon Committee ang imbestigasyon. Ayon kay Gloria Arrovo, nagpapasikat lamang ang mga senador at kongresistang nagpupursigeng buksan muli ang imbestigasyon sa fertilizer fund scam at iba pang mga iskandalong sangkot ang Malacañang.

Nitong huli, nagsampa ng petisyon para sa writ of habeas corpus si Owen Bolante, anak ni Bolante, sa Court of Appeals. Inaasahan ng mga Bolante at pangkatin nina Arroyo na papabor sa administrasyon ang nasabing hukuman, tulad ng naging padron ng nakararaming desisyon nito sa nakaraan.

## 26 armas nasamsam, 43 kaswalti natamo ng AFP-PNP

alawampu't apat na malalakas na riple at dalawang pistola ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa magkakahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad ng mga gerilya mula Oktubre 4 hanggang Nobyembre 5. Dalawampu't tatlong elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at CAFGU ang napatay at 20 ang nasugatan sa mga labanan.

**Nobyembre 5.** Isang elemento ng CAFGU ang napatay nang isnaypin siya ng mga Pulang mandirigma sa labas ng kanilang detatsment sa Sityo Balagonon, Barangay Managa, Bansalan, Davao del Sur.

**Nobyembre 3.** Isang sundalo ng 57th IB ang nasugatan sa isang engkwentro sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng BHB at militar sa Sityo Talahek, Barangay Bacong, Tulunan, North Cotabato.

**Nobyembre 1.** Dalawang elemento naman ng CAFGU ang nasugatan nang lusubin ng Pulang hukbo ang detatsment ng militar sa Barangay Mararag, Marihatag, Surigao del Sur.

**Oktubre 29.** Anim na ripleng M16 at isang kalibre .38 rebolber ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Jose C. Aquino Rubber Company, isang plantasyon ng goma sa Barangay Sta. Teresita, Bayugan City, Agusan del Sur. Kasabay nito, kinumpiska ng mga gerilya ang M16 ng isang sarhento ng AFP sa isang tsekpoynt na itinayo ng mga gerilya sa Barangay San Jose, Prosperidad, Agusan del Sur.

**Oktubre 25.** Labing-anim na malalakas na armas ang nakumpiska ng BHB at milisyang bayan nang lusubin nila ang detatsment ng CAFGU sa ilalim ng 37th IB na nasa loob ng plantasyon ng Dole-Stanfilco sa Barangay Luna Sur, Makilala, North Cotabato. Isang elemento ng CAFGU ang napatay at

isang sarhento at tatlo pang elemento ng CAFGU ang nasugatan.

Inambus din ng isa pang grupo ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo ng 57th IB mula sa Barangay Luna Norte na sasaklolo sana sa nireyd na detatsment.

Ayon kay Ka Dencio Madrigal, tagapagsalita ng Valentin Palamine Command ng BHB sa Far South Mindanao, ang naturang reyd ay aksyong pamarusa sa Stanfilco sa pangangamkam nito ng lupa sa maliliit na magsasaka at pagmamalupit sa mga manggagawa nito. Sa kasalukuyan, mahigit 30,000 ektarya na ang lawak ng mga plantasyon

ng saging at pinya ng Dole-Stanfilco sa rehiyon.

Bago ito ay binalaan na ng BHB ang Stanfilco na tigilan na ang pangangamkam ng lupa at makinig sa mga hinaing at hiling ng mamamayan. Ngunit sa halip na pakinggan ang reklamo ng taumbayan, lalo pang naging agresibo at pasista ang pakikitungo ng Dole-Stanfilco sa mga magsasaka at manggagawa. Dinagdagan pa nito ang tauhan ng detatsment at pinalakas at pinadalas ang mga operasyong militar sa plantasyon.

**Oktubre 25.** Isang sundalo ng 66th IB ang nasugatan nang ambusin ng mga gerilya ng BHB ang trak na sinasakyan ng mga sundalo sa Barangay Olaycon, Monkayo, Compostela Valley. Bago ito, isang sundalo ang napatay nang lusubin ng mga gerilya ng BHB ang detatsment ng Special Forces Battalion ng Philippine Army sa Barangay Canidkid, Montevista, Compostela Valley.

Oktubre 24. Walong sundalo

#### 43 aksyong militar, nailunsad ng BHB sa Samar

ANIMNAPU'T siyam na elemento ng kaaway ang napatay sa sunudsunod na mga aksyong militar na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ng Samar mula Enero hanggang unang linggo ng Setyembre. Dalawampu't limang elemento ng kaaway ang nasugatan sa naturang mga labanan samantalang limang Pulang mandirigma ang namartir. Labinlimang matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng BHB.

Ayon sa panimulang tala ng Regional Operations Command ng BHB sa rehiyon, mula Enero hanggang Setyembre 6 ay nakapaglunsad ang BHB sa isla ng 43 aksyong militar sa mga prubinsya ng Samar, Northern Samar at Eastern Samar. Kinabibilangan ito ng isang reyd, limang ambus, 29 na operasyong isnayping/harasment, pitong special operation at isang pagdidisarma. Naharap din at napangibabawan ng BHB ang anim na depensiba at limang engkwentro.

Sa 43 aksyong militar, 24 ang naganap sa Samar, 15 sa Northern Samar at apat sa Eastern Samar.

Ang patuloy na mga aksyong militar ay inilulunsad ng BHB bilang bahagi ng kampanya para biguin ang pananalasa sa isla ng Oplan Bantay Laya 2.



ang napatay, kabilang ang punong upisyal nilang tinyente, nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang nagpapatrulyang tropa ng 66th IB sa Barangay Manurigao, New Bataan, Compostela Valley.

**Oktubre 23.** Isang elemento ng CAFGU ang napatay at apat pa ang nasugatan nang lusubin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng CAFGU sa ilalim ng 72nd IB sa

Paquibato District, Davao City.

**Oktubre 23.** Walong sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan nang paulanan ng bala ng mga Pulang mandirigma ng Nerissa San Juan Command (NSJC) ng BHB-Catanduanes ang kubong hinihimpilan nila. Ayon sa ulat ni Ka Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng NSJC, sinamantala ng mga kasama ang pagod ng mga tropa ng Philip-

pine Army at CAFGU na nagpapahinga sa isang bakanteng kubo sa Barangay Hilawan, San Andres, Catanduanes. Ilang araw nang sinusuyod ng kaaway ang magkakanugnog na barangay ng Tibang, Barihay at Hilawan habang minomonitor naman sila ng mga gerilya. Sa takot na mahagip din sila ng mga bala, nagtakbuhan palayo sa lugar ng labanan ang isa pang iskwad ng militar na nagpapahinga rin sa kalapit na lugar.

**Oktubre 19.** Isang abusadong pulis ang kinumpiskahan ng mga Pulang gerilya ng kalibre .45 pistola at isang ripleng M14 sa palengke ng Escalante City, Negros Occidental.

**Oktubre 13.** Isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang salakayin ng mga gerilya ng BHB ang detatsment ng 72nd IB sa Sityo Bukobuko sa Anay, Barangay Kingking-Poblacion, Pantukan, Compostela Valley.

**Oktubre 13.** Dalawang sundalo ang napatay nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ang isang trak ng militar sa Talaingod, Davao del Norte. Bago ito, isang elemento ng CAFGU ang napatay nang salakayin ng BHB ang detatsment ng 72nd IB sa Barangay Palma Gil sa naturan ding bayan.

Isa pang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang paputukan ng mga gerilya ang pinagsanib na pwersa ng 72nd IB at CAFGU sa Sityo Likupon, Barangay Sanghay, Mati, Davao Oriental.

**Oktubre 4.** Tatlong sundalo ng 29th IB ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang gerilya ang kanilang komboy sa Sityo Kapihan, Barangay Concepcion, Valencia City, Bukidnon.

Walang naiulat na mga kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma sa lahat ng mga taktikal na opensibang ito.

#### 7 detenidong kasama, itinakas ng BHB sa Quezon

WALANG putok na nireyd ng mga Pulang gerilya ng Apolonio Mendoza Command (BHB-Quezon) nitong Oktubre 25 ang Quezon Provincial Jail sa Lucena City at itinakas ang pitong kasamang nakadeteni roon. Naisagawa ang reyd sa loob lamang ng sampung minuto.

Para makapasok sa bilangguan, ang mga Pulang mandirigma ay nagkunwang mga elemento ng Special Weapons And Tactics (SWAT) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) na may kukuning bilanggo. Itinaon nila ang pagsalakay sa panahon ng pagpapalit ng gwardya. Habang papalabas ang papauwi nang mga gwardya, nakaabang naman ang mga Pulang gerilya sa may labasan.

Agad nilang tinutukan, pinadapa at dinisarmahan ng limang rebolber ang mga gwardya bago sila ipiit sa kulungan kasama ng iba pang gwardya. Isang *private security guard* ang nagtangkang sumaklolo mula sa karatig na gusali ngunit hinarang siya ng mga Pulang mandirigma, kinumpiska ang kanyang *shotgun* at isinama siya sa nauna nang ikinulong na mga gwardya.

Sakay ng apat na *van*, agad na umatras sa magkakaibang direksyon ang mga gerilya matapos ang matagumpay na pagliligtas. Dalawang pulis ang nasugatan nang harangin nila ang mga gerilyang sakay ng isa sa mga *van* sa isang tsekpoynt sa Barangay Iyam, Lucena City. Hinagisan ng mga Pulang mandirigma ng granada ang mga pulis bago tuluyang tumakas.

Ang mapangahas na operasyon ng BHB ay isinagawa sa sentrong bahagi ng Lucena City kung saan matatagpuan din ang Quezon Convention Center, Regional Trial Court, Philippine National Red Cross at ang kapitolyo ng prubinsya. Malapit din ang Quezon Provincial Jail sa Camp Guillermo Nakar, punong himpilan ng Southern Luzon Command.

Isang buwang sinubaybayan ng mga gerilya ang kilos ng kaaway bago isakatuparan ang operasyon. Pitong pistola at isang *shotgun* ang nasamsam nila sa espesyal na operasyong ito.

Ikalawang pagkakataon na itong pagpapatakas sa mga bilanggong pulitikal sa Southern Tagalog. Noong Enero 14, 2006, itinakas din ng mga Pulang mandirigma ng Edgardo Dagle Command ang siyam na gerilya ng BHB na nakapiit sa Batangas Provincial Jail sa Batangas City.

### Operasyong disarma sa Davao Oriental Provincial Jail

Ang artikulong ito ay batay sa ulat koresponsal mula sa mga kasama sa 3rd Pulang Bagani Command ng BHB sa Southern Mindanao.

apangahas din ang inilunsad na operasyong disarma ng mga Pulang mandirigma sa Davao Oriental Provincial Jail sa Mati City noong Mayo 19. Ang mga gerilya ay mula sa 3rd Pulang Bagani Company, kasama ang tig-isang iskwad ng Front 2 at Front 27.

Sa loob lamang ng humigit-kumulang 15 minuto, napasok ng mga Pulang mandirigma ang provincial jail na ilang kilometro lamang ang layo sa city hall ng Mati. Nasamsam nila ang dalawang M16, isang M14, dalawang Garand, tatlong karbin, dalawang shotgun, dalawang pistolang 9 mm, isang .45, isang .357 at iba't ibang bala. Nakasamsam din ang mga gerilya ng mga magasin, 12 posas, isang base radio at mga hand-held radio.

Walang kamalay-malay ang mga gwardya ng provincial jail na mga gerilya ng BHB ang mga unipormadong sakay ng dalawang trak at isang van. Dinala agad ng strike squad ng BHB ang mga gwardya sa gate papasok sa upisina ng jail warden habang dalawa pang tim ng mga gerilya ang nagpunta sa tore ng guard house, sa purok na iniistambayan ng mga gwardya at sa isa pang tore katabi ng armori. Ang isa pang iskwad ay nasa labas at nagoobserba sa kilos ng mga gwardya.

"Armas lang among tuyo." (Armas lang ang sadya namin). Ito ang sinabi ng mga gerilya matapos silang magpakilalang mga gerilya ng BHB at magdeklara ng pagdidisarma. Nabigla ang mga gwardya. Sa sobrang takot ay wala na silang nagawa kundi ibigay nang walang imik ang hawak nilang mga shotgun. Hindi rin nakakibo ang jail warden.

Habang isinasagawa ang pagdi-

disarma, may mga bilanggong nagpahayag ng pasasalamat dahil ayon sa kanila, napasok din sa wakas ang naturang bilangguan na kilala sa korapsyon at nabigyan ng leksyon ang mga abusadong gwardya. May ilang bilanggong kriminal na humiling na palayain sila, ngunit dahil tumatalima ang mga Pulang mandirigma sa prinsipyo ng rebolusyonaryong hustisya at di sa simpleng pagpapalaya lamang ng sinumang nakakulong, hindi nila sinunod ang nasabing hiling. Gayunpaman, nang umatras na ang mga kasama, may isang bilanggong sumigaw ng "Mabuhay ang NPA! Mabuhay ang rebolusyon!"

Nakaabot sa PNP ang ulat hinggil sa reyd ngunit walang ginawa ang mga pulis kundi harangan ang kalsadang papunta sa kanilang himpilan. Anang mga bumbero na nakahimpil din sa malapit, magaling lang daw umatake sa litson ang mga pulis, ngunit kapag inaatake na ng kalaban ay hindi na rumeresponde.

Masayang-masaya ang masa nang makita nila ang mga kasama matapos ang taktikal na opensiba dahil walang nasayang na bala at walang buhay na nalagas sa hanay ng mga kasama.



#### Pagtakas mula sa kaaway

uo na ang loob ko noong araw na iyon na hindi ako magpapahuli nang buhay sa mga kaaway at nakaukit na sa isip ko na handa akong mamatay para lang makatakas!"

Ito ang sinabi ni Kasamang Don, isang Pulang mandirigma sa isang prubinsya sa Southern Tagalog na nakaalpas sa kamay ng kaaway matapos ang 17 araw na pagkakabihag.

Nadakip sina Ka Don at dalawa pang mandirigma noong Setyembre sa gitna ng paggampan ng gawaing paniktik bilang paghahanda sa isang taktikal na opensiba.

Nang sila ay dakpin at dalhin sa kampo ng militar ay kaagad silang isinailalim sa sikolohikal na tortyur. Pinagbantaan silang madadamay ang kanilang pamilya kung hindi sila makikipagtulungan sa kaaway. Ang kanyang kasama ay di nakatagal sa gayong banta at napilitang magbigay ng impormasyon sa kaaway. Subalit si Ka Don ay nagpakatatag at hindi bumigay sa kaaway.

Sinubukan din ng kaaway na alukin si Ka Don ng malaking pera kung ituturo niya ang iba pa niyang kasamahan. Walang anumang talab ito sa kanya.

Noong ika-15 araw ng pagkakabihag ng kaaway, nagbalak na si Ka Don na tumakas sa kampo. Una niyang sinubukang dumaan sa pinto ng kanilang kulungan at sumalisi subalit may kaaway na nakapwesto roon noong araw na iyon. Kinabukasan naman ay nagkataong may nagbabantay na sunda-

lo sa paligid. Noong sumunod
pang araw
ay nakakita
siya ng pagkakataon
nang masulyapan niyang nagi i n u m a n
ang mga
sundalo.

Nagpaalam

lamang siya sa kanyang kapwa detenido na kukunin niya ang kanyang mga isinampay na damit. Subalit pagkakuha niya sa mga damit ay agad niyang binalot ang mga iyon, sabay takbo nang papalabas sa kulungan.

Pagkalabas niya, kinailangan pa niyang lampasan ang mga barbed wire na nakapalibot sa detatsment at ang mga ilaw na malalaki sa loob ng kampo. Halos 20 hilera ng barbed wire ang kanyang ni-



## Kursong pang-upisyal ng BHB sa Eastern Visayas, sumusulong

Isandaan nang upisyal at kadre ng Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Eastern Visayas ang nakatapos ng espesyal na kursong pagsasanay pang-upisyal mula nang buksan ng Efren Martires Command ng BHB ang paaralang pulitiko-militar nito noong Disyembre 2007.

Bahagi ng espesyal na kurso ang pag-aaral ng mga batas ng digma sa kabuuan, mga aral mula sa pakikidigmang gerilya sa China at Vietnam, mga partikular na katangian ng digmang bayan sa Pilipinas at mga aral mula sa karanasan ng pakikidigmang gerilya sa rehiyon. Pinagtutuunan din ng kurso ang pagdidirehe ng gera sa taktikal na antas (tulad ng isang aksyong militar) at operasyunal na antas (tulad ng serye ng mga aksyong militar sa mas malawak na saklaw at panahon).

Sa teoretikong mga pag-aaral, kinukumbina ang lektura at mga workshop at pag-aaral ng mga piling karanasan o case study. Ginagawa rin ang ilang military exercise at drill para magkaroon ng istandardisasyon sa pagdadala rito ng mga upisyal sa kani-kanilang yunit o erya. Isinisingit ang pagsasanay sa mga upisyal sa istap batay sa pangangailangan, gaya ng mga crash course sa gawaing paniktik at komunikasyon. May partikular namang pagsasanay sa mga upisyal pampulitika sa iskwad at platun.

Sa limang bats na nakapagtapos na ng mga kurso sa paaralan, umabot nang anim hanggang sampung araw ang mga pagsasanay. Ayon sa mga nagtapos, signipikante ang nadagdag sa kanilang kumpyansa at kaalaman sa pamumuno at pagdidirihe ng mga laban at kampanyang militar.



lusutan. Nagkasugat-sugat siya habang tinatawid ang halos isang ektaryang laki ng kampo.

Pagkalabas niva sa detatsment ay binagtas niya ang haywey para makapunta sa mga baryo na kanyang nalalaman. May pagkakataon na may nakasalubong siyang mga sundalo, kava gumilid lamang siya para hindi siya makilala. Umabot nang tatlong oras ang kanyang paglalakad bago niya marating ang isang baryo kung saan alam nivang may makakatulong sa kanya.

Madaling-araw nang siya ay dumating sa baryo. Uhaw na uhaw siya noon at nanginginig sa lamig at pagod sa haba ng kanyang nilakad. Kumatok siya sa isang kubo at nang pagbuksan siya ng pinto ay nagpakilala siyang mandirigma ng BHB. Ipinaliwanag niya sa may-ari ng bahay na tumakas siya sa kampo at humihingi siya ng tulong na makaugnay sa Hukbo.

Noong una ay nangamba ang may bahay at nag-atubiling tumulong. Subalit pinaabutan siya ng mga Pulang mandirigmang nagkataong nasa baryo rin noon na asikasuhin si Ka Don. Kaaqad naman niyang pinakain at pinatulog ang kasama.

Di naqtaqal ay dumating ang isang tim ng mga Pulang mandirigma para kausapin si Ka Don. Pinag-aralan ng pamunuan ng yunit ang iniulat na resulta ng interbyu kay Ka Don at nakumbinsi silang tapat ang kanyang salaysay. Kinagabihan ay ipinasundo na siya at agad siyang isinama muli sa yunit.

Kahanga-hanga ang kapasyahan ni Ka Don na magpakatatag habang nasa kamay ng kaaway at ang kanyang masusing pagpaplano na tumakas. Kapupulutan ito ng aral para sa sinumang kasamang malalagay sa gayong sitwasyon na magkaroon ng lakas at tibay ng loob na harapin ang ganitong mga pagkakataon.

## Pagtugis sa mga ligal na aktibista, lumalaganap

ligal na pag-aresto sa mga personahe ng ligal na demokratikong kilusan at pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal laban 🗕 sa kanila ang pinakatampok sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng Ang Bayan.

**Nobyembre 6.** Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng mga lalaking sakay ng apat na motorsiklo si Danny Qualbar, municipal coordinator ng Bayan Muna sa Compostela, Compostela Valley. Pauwi noon si Qualbar sa kanyang bahay nang ambusin siya sa bayan ng Osmeña sa naturan ding prubinsya bandang alas-5:30 ng hapon.

**Nobyembre 6.** Pinagtangkaan ang buhay ni Arnold Cerdo, bise presidente ng Sensuous Union Labor Organization at istap ng Cabuyao Workers Alliance. Kausap noon ni Cerdo ang kanyang bayaw sa kanyang bahay sa Riverside, Calamba City bandang alas-9:30 ng qabi nang pagbabarilin sila ng dalawang lalaking nakabonet. Muntik nang tamaan ng bala sa mukha si Cerdo.

**Nobyembre 4.** Ibinasura ng korte ang petisyon para sa writ of amparo ng pamilya ni Mary Grace Delicano, myembro ng Gabriela na iligal na inaresto noong Setyembre sa Bacolod City. Ito'y sa kabila ng iregularidad sa pagkakaaresto ng PNP kay Delicano. Nakasaad sa mandamyento de arestong ginamit sa pagdakip kay Delicano na ito ay para sa isang may alyas na "Kim" na akusado ng pagnanakaw kaugnay ng isang reyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Escalante, Negros Occidental noong Marso 2005 kung saan nakasamsam ang BHB ng siyam na armas. Walang anumang banggit sa pangalan ni Delicano sa mandamyento. At saka lamang pinaamyenda ng pulisya sa

korte ang mandamyento na si Delicano at si "Kim" ay iisa umano matapos ang pagkakaaresto kay Delicano.

Oktubre 31. Tinangkang pigilan ni Lt. Col. Manuel Seguitin, hepe ng 66th IB ang paglikas ng humigit-kumulang 300 pamilya mula sa Barangay Andap, New Bataan, Compostela Valley noong Oktubre 31 sa kabila ng peligro sa kanilang buhay dulot ng mga operasyong militar sa kanilang lugar. Patungo sa sentro ng New Bataan ang mga sibilyan nang pigilan sila ng militar na nagsabing sa Sitvo Mother of Perpetual Help na lamang sila maglagi, kahit malapit ito sa lugar ng mga labanan ng militar at BHB. Naigiit pa rin ng mga sibilyan ang pagtulov sa poblasyon, kung saan ginawang pansamantalang evacuation center ang New Bataan Gym. Namalagi ang mga sibilyan sa poblasyon ng New Bataan hanggang Nobyembre 1. Bunga ng serye ng mga operasyong militar, inilagay sa state of calamity ng meyor ng New Bataan ang Barangay Andap at kanugnog na Barangay Manurigao.

**Oktubre 31.** Biktima ng harasment ang mamamahayag na si Loreto Rosario, reporter ng dxMS, nang mag-ulat siya hinggil sa pagkasunog ng Field Supply Support Unit ng AFP na nasa loob ng Camp Siongco sa Datu Odin Sinsuat, Shariff Kabunsuan. Ayon kay Rosario, sinita siya ni Col. John Oswald Bucu, kumander ng Camp Siongco, kinumpiska ang kanyang



press card at mga cellphone at tinawag na pakialamero.

**Oktubre 30.** Dinampot ng pinagsanib na mga elemento ng Caloocan Police at Intelligence Service of the AFP si Norberto Murillo Sr., 52, sa kanyang bahay sa Camarin, Caloocan City. Si Murillo, na inaakusahang upisyal ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ay iligal na dinakip batay sa gawa-gawang kaso ng pagpatay kaugnay ng naganap umanong purgahan sa Hilongos, Leyte noong 1985.

**Oktubre 24.** Gawa-gawang kasong pagpatay at pagnanakaw ang ginamit na sangkalan para arestuhin ang mag-asawang Margie Lupo Navia at Donato Palo sa Barangay Bolo, Labrador, Pangasinan. Sina Navia at Palo, na inaakusahang mga upisyal ng PKP sa Quezon ay inaresto ng mga pulis ng Pangasinan habang papunta sa bahay ng kanilang mga kamag-anak. Dinala

sila sa himpilan ng 3rd Intelligence Service Unit ng Philippine Army sa Tarlac.

Oktubre 13. Isang lalaki ang malubhang nasugatan matapos ito tamaan ng *shrapnel* mula sa M203 na pinasabog ng mga sundalo sa Barangay Sanghay, Mati, Davao Oriental. Nagbabantay noon sa kanyang tindahan si Isidro Gerona, 60, nang maglaban ang BHB at mga elemento ng 72nd IB sa kalapit. Nagtakbuhan ang pamilyang Gerona para makalayo sa putukan subalit naiwan ang kanilang ama. Binalikan ito ng kanyang anak matapos marinig ang pagsabog ng granada mula sa M203 sa kanilang bahay. Nakita niyang duguan ang kanyang ama at patay ang kanilang aso dahil sa tama ng *shrapnel*. Wasak din ang kanilang hapagkainan. Ayon sa anak ng biktima, nagpatuloy ang walang pakundangang pagpapaputok ng mga sundalo kahit matagal nang nakaalis ang mga gerilya ng BHB.

### Target: Mga aktibista sa Southern Tagalog

umaharap ngayon sa matinding kampanyang panunupil ang mga lider-masa at aktibista ng hayag na demokratikong kilusan sa Southern Tagalog. Apatnapung lider at myembro ng mga progresibong organisasyon sa rehiyon ang sinampahan ng rehimeng Arroyo ng mga gawa-gawang kasong kriminal. Dalawampu't pito sa kanila ay akusado sa panununog ng Globe Telecommunications *cell site* sa Lemery, Batangas noong Agosto.

Samantala, 17 sa mga akusado sa kaso ng Globe ang sinampahan din ng kasong *murder* kaugnay ng isang ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa mga elemento ng PNP Regional Mobile Group sa Puerto Galera, Oriental Mindoro noong Marso 3, 2006 kung saan dalawang pulis ang namatay at tatlo ang nasugatan. Pitumpu't dalawa katao ang kabuuang bilang ng mga akusado sa kaso sa Mindoro Oriental, at 30 sa kanila ay mga hayag na lidermasa at aktibista.

Isa-isa na ngayong dinadampot ang mga akusado sa mga kasong ito.

Pinakaprominenteng biktima si Atty. Remigio Saladero, punong abugado ng KMU. Iligal siyang inaresto ng pinagsanib na mga elemento ng Antipolo Police at Military Intelligence Group 4A ng ISAFP sa kanyang tahanan sa Antipolo City noong Oktubre 23 at dinala kinabukasan sa Calapan City, Mindoro Oriental para sa bista ng gawa-gawang

kasong isinampa laban sa kanya. Isa rin si Saladero sa mga akusado ng arson kaugnay ng pagsunog sa cell site ng Globe Telecommunications.

Nito namang
Nobyembre 3 ay inaresto si Rogelio Galit, tagapagsalita ng Kalipunan ng mga Magsasaka
sa Kabite (Kamagsasaka-Ka) sa
kanyang bahay sa Silang, Cavite
kaugnay ng kaso sa Oriental Mindoro. Isang taon nang nakaratay si
Galit dahil sa sakit na diabetes at
nakatakdang operahan nang dam-

putin siya ng 15 elemento ng Cavite PNP at regional intelligence. Dinala rin siya kinabukasan sa provincial jail sa Calapan, kung saan nakadetine na rin ang tatlo pa niyang kapwa akusado na sina Attorney Saladero, Nestor San Jose

at Crispin Zapanta. Si Zapanta, *coordinator* ng Bayan Muna sa Antipolo City ay inaresto noong Oktubre 27.

Mariing binatikos ng iba't ibang progresibong organisasyon ang ginagawang pagtugis sa mga lider-masa at aktibista ng Southern Tagalog. Ani Bayani Cambronero, regional coor-

dinator ng Bayan Muna-Southern Tagalog, ang kampanyang panunupil ay bahagi ng pagkikriminalisa sa mga aktibista. "Sinasampahan kami ng gubyernong Arroyo ng mga gawa-gawang kaso dahil sa kabiguan nitong patahimikin kami sa pamamagitan ng ekstrahudisyal na pamamaslang," aniya.



## **Dumaraming sibilyang Moro** ang biktima ng militarisasyon

arami nang parami ang bilang ng mga sibilyang Morong binibiktima ng mababangis na operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa ilang bahagi ng Mindanao.

Ayon sa ulat ng International Committee of the Red Cross (ICRC) noong Oktubre 29, sa mga evacuation center sa Datu Piang, Maguindanao pa lamang ay mayroon nang 55,000 indibidwal na nagsilikas sa kani-kanilang mga tahanan, mula sa 35,000 katao noong Agosto. Mula Agosto hanggang ikatlong linggo ng Oktubre, umaabot na sa 127,164 pamilya o 611,753 indibidwal ang naaapektuhan ng mga saqupaan sa pagitan ng MILF at AFP sa mga prubinsya ng Lanao del Norte, Lanao del Sur, Sultan Kudarat at Maquindanao.

Laganap ang ligalig. Ang matinding militarisasyon ay naqdudulot na ng iba't ibang problema sa paq-iisip sa mga bakwit. Ayon sa pagsisiyasat ng Commission on Human Rights (CHR) nitong Oktubre, laganap ang mga palatandaan ng traumatic distress sa mga bakwit tulad ng pagiging ligalig, matatakutin at labis na mapaghinala. Ang gayong sintomas ay nakita sa mga bakwit mula sa Lanao del Norte na nagsilikas patungong Kauswagan at Kolambugan sa naturang prubinsya at sa 17 iba pang evacuation center sa Ozamiz City at Tudela sa kanuqnoq na lalawiqan ng Misamis Occidental. Anang CHR, isang dahilan nito ang takot ng mga bakwit bunga ng pagkalat ng mga bali-balitang may napipintong labanan sa

pagitan ng AFP at MILF.

Ligalig din maging ang mga Morong nakatira pa rin sa kani-kanilang mga baryo. Ayon sa Luwaran, and website ng MILF, maraming residente ng Barangay Inas at Dungquan sa Mlang, North Cotabato ang nagbalot at naghandang lumikas matapos simulan ng militar ang pagsesensus ng mga residenteng Moro noong Oktubre 18. Walang ibinigay na dahilan ang mga sundalo sa ginagawa nilang pagsesensus kaya naghihinala ang mga Moro sa lugar na may "niluluto" ang militar laban sa kanila.

Di nakapagtataka ang takot na nararamdaman ng mga Moro sa naturang lugar. Dalawang araw bago simulan ng mga sundalo ang sensus sa Mlang, tatlong sibilyan ang dinukot ng mga elemento ng 40th IB sa Barangay Nalapaan sa kalapit na bayan ng Pikit, North Cotabato. Ang mga dinukot ay sina Rahman Suleik, anak niyang si Taurin Suleik at si Tontongan Dilanggalen.

Sa kanuqnoq na prubinsya nq Maquindanao, anim katao ang basta na lamang inaresto sa Barangay Linantangan, Mamasapano noong Oktubre 16 at pinagbubugbog. Nakilala ang mga biktima na sina Aladin Lamalan, Ding Datuan, Alimudin Ibrahim, Daud Ibrahim, Binyamin Abdulatip at isang nagngangalang Kaumbo. Nasa kamay pa rin ng militar ang apat sa kanila.

Mahigit ding 100 bahay ng mga sibilyan ang sinunog ng mga sundalo sa Barangay Nimao at Andabit sa Datu Piang, Maguindanao nitong kalagitnaan ng Oktubre, ayon din sa Luwaran.

Mga bakwit, ginugutom ng AFP. Samantala, hirap na nga ang mga bakwit ay pinagkakaitan pa ng AFP ng kinakailangang ayuda. Pinigilan ng mga sundalo ng 54th IB noong Oktubre 23 ang isang komboy ng United Nations World Food Programme nang dumaan ito sa isang tsekpoynt sa Dapiawan, Datu Piang, Maguindanao na may dala-dalang pagkain. Para sana ito sa daan-daang

pamilyang bakwit sa Libutan, Mamasapano, Maquindanao na nangagutom

na mula nang paqbawalan sila ng mga sundalo

na magtrabaho sa kanilang mga sakahan at anihin ang kanilang mga produkto. Ang mga nangangahas na pumunta sa kanilang mga bukirin ay binabaril. Dalawang magsasaka na ang nasugatan, ayon sa Luwaran.

## Magpapatuloy ang mga imperyalistang patakaran ng US sa ilalim ni Obama

Ang sumusunod ay halaw sa pahayag na inilabas ng Partido Komunista ng Pilipinas nitong Nobyembre 7.

inasalamin ng pananalo ni Barack Obama sa eleksyong pampresidente sa US ang malawakang pagtatakwil ng mamamayang Amerikano sa militarista at neokonserbatibong rehimeng Bush. Si Obama, na tumakbo sa ilalim ng Democratic Party, ay naglarawan sa sarili bilang kabaligtaran umano ng Republican na si George W. Bush. Sinamantala niya ang kasalukuyang matindi at laganap na disgusto ng mamamayang Amerikano sa rehimeng Bush, laluna sa harap ng malalaking pampulitika at pangmilitar na kabiguan ng US sa Iraq at Afghanistan at ng pinakamalalang krisis pang-ekonomya sa US mula noong Great Depression.

Ngunit anumang pagkakaiba nina Obama at Bush ay lumalabo pagdating sa tindig nila hinggil sa nagpapatuloy na mga imperyalistang patakaran ng hegemonismo, pandarambong at gera. Ipinakikita ng kanilang batayang pagkakapareho sa tindig nila hinggil dito na kinakatawan lamang nila ang dalawang paksyon ng monopolyo burgesya ng US.

Ang nagaganap na papalalim na resesyon at desperasyon sa US at pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagtutulak sa US para paigtingin ang imperyalistang pagsasamantala, pandarambong at pang-aapi sa sariling bansa at mga malakolonya nito, magtakam ng iba pang erya ng pagpapalawak at maglunsad ng mga gerang kontrarebolusyon at gerang agresyon.

Patuloy na palalawakin ng US ang military-industrial complex nito, magpapakita ng lakas-militar at maglulunsad ng malalaki't maliliit na gera upang itulak ang hegemonismo nito, pigilan ang mga karibal nito na bawasan ang malawak nitong kaharian at mang-agaw ng bagong mga merkado at teritoryo para mapag-ibayo pa ang pandarambong at impluwensya ng US. Si Obama ay magsisilbing panibagong pangunahing instrumento lamang ng lahat ng ito. Magsisilbing ma-

panlinlang na pantabing sa agresyon at hegemonismo ng imperyalismong US ang populistang retorika ni Obama.

Ang totoo'y paulitulit nang ineendorso ni Obama ang teroristang gerang sinimulan ni Bush. Iminumungkahi niva ang pagdaraqdaq 10,000 tropa sa Afghanistan at paglulunsad ng mga unilateral strike sa mqa hangganan nito at Pakistan, para umano tuqisin ang al-Qaeda. Habang nananawagang pauwiin na ang mga tropang Amerikano mula sa Iraq, nililinaw din niya na dapat umanong ipagpatuloy ng US ang presensyang militar nito roon upang tiyakin na ipatutupad ng papet na gubyernong Iragi ang mga dik-

Noong Hunyo, itinaquyod ni Obama ang

ta ng US.

patuloy na interbensyong militar sa Pilipinas nang sabihin niyang susuportahan niya ang Balikatan military exercises alinsunod sa "pagkakaibigan" ng US at ng neokolonyal na kliventeng estado nito. Lubos niyang binalewala na ikinukubli lamang ng Balikatan ang papalaking permanenteng presensyang militar at interbensyunismo ng US sa Pilipinas. Nanawagan na siya para sa pagpapalawak ng mga programa para armasan ang militar ng Pilipinas. Tahasan itong pag-insulto sa daan-daang libong nabiktima na ng Oplan Bantay Laya ng rehimeng Arroyo na ginagabayan at sinusuportahan ng militar ng US.

> Mahigpit na nananawaqan ang Partido

Komunista Pilipinas (PKP) sa mamamayang Pilipino at Amerikano at sa mga mamamayan ng mga malakolonya ng US at ibang mga bansang lumalaban para sa pambansang paglaya at demokrasya na huwaq magpalinlang sa bagong halal na presidenteng Amerikano. May kumpyansa ang PKP na ang uring manggagawa at mamamayan ng mundo ay patuloy na maqpupursige sa kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksyon, at para kamtin ang pambansa at panlipunang paglaya, de-

mokrasya at kaunlaran.



# Alternatibong kumperensya ng mga migrante, matagumpay na naidaos

atagumpay na idinaos ng mga progresibong organisasyon mula sa iba't ibang bansa ang kauna-unahang internasyunal na kumperensya hinggil sa mga isyu ng mga migrante at *refugee*. Ang International Assembly of Migrants and Refugees (IAMR) ay idinaos bilang alternatibo sa ikalawang Global Forum on Migration and Development (GFMD) na ginanap sa Pilipinas mula Oktubre 28-30.

Matagumpay din ang kampanya ng mga grupong migrante, sa pangunguna ng International Migrants Alliance, para sa "Zero Remittance Day" noong Oktubre 29. Sa araw na ito, iniwasan ng mga migrante na magremit ng anumang halaga bilang protesta sa balangkas at mga kampanya ng GFMD.

Inilunsad ang unang porum ng mga imperyalistang bansa at institusyon tulad ng World Bank noong Hulyo 2007 upang suhayan ang kasalukuyang kaayusan at kalakaran ng pagkopo ng mayayamang bansa ng murang lakas paggawa. Binibigyang-katwiran at ineenganyo nito ang higit pang pandaigdigang eksportasyon ng mga manggagawa mula sa mahihirap na bansa sa ngalan ng "global migration."

Pinalalaganap nito ang panawaqanq "miqrasyon para sa kaunlaran" at "karapatan sa migrasyon" para biqyanq-katwiran ang pagsasamantala ng mayayamang bansa sa mura at masunuring lakas-paggawa mula sa mga atrasadong bansa. Pinalalabas nito na ang pagpapadala ng mga remitans ng mga migrante sa pinanggalingang mga bansa ay alternatibong paraan tungo sa kaunlaran at solusyon sa kahirapan. Binubuyo rin nito ang paggamit sa mga remitans ng mga migrante para punan ang mga depisit sa badyet at pambayad sa utang panlabas ng mga atrasadong bansa.

Tanda ng kahungkagan nito, ti-

nipon ng GFMD ang pinakamalalaking bansang lumalabag sa mga karapatan ng mga migrante. Hindi man lamang inimbita rito ang mga organisasyong malaon nang nakikipaglaban para sa mga karapatan at kapakanan ng mga migrante.

Lalong tampok ang kahungkagan nito ngayong inilunsad ito sa Pilipinas sa pangangasiwa ng rehimeng Arroyo. Walang hihigit sa rehimeng ito sa pagkasugapa sa mga remitans ng mga migrante kahit pa sa kapahamakan at kapinsalaan nila at kanilang mga pamilya. Buungbuo ang pagtanggap ng rehimen sa balangkas ng GFMD dahil pinagtitibay nito ang *labor export policy* ng estado at pagsalig sa mga remitans bilang tagapagsalba ng bangkaroteng ekonomya.

Sa kabilang banda, nagtipun-tipon sa IAMR ang mga grupong migrante para pataasin ang antas ng kanilang pagkakaisa at patatagin ang kanilang pakikibaka para sa kanilang mga karapatan at kagalingan. Nagbahaginan sila ng mga karanasan sa kani-kanilang pinanggalingang bansa at mga bansang pinagtatrabahuan. Binatikos nila ang balangkas ng GFMD at nananawagan sa mga gubyerno sa buonq mundo na wakasan na ang pwersahang migrasyon at tiyakin na mayroon silang mga trabaho sa kanikanilang mga bansa. Ipinanawagan din nila ang paggalang sa mga karapatan ng mga migrante at paggarantiya sa kanilang kapakanan.

#### Pilipinas, panlima sa mga bansang nagugutom

PANLIMA ang Pilipinas sa mga bansang nagugutom sa mundo, ayon sa World Food Survey ng Gallup International-Voice of the People 2008. Ang talaan ng mga nagugutom na bansa ay pinalabas nitong Nobyembre 4 matapos ang pagsarbey sa 58,000 katao mula sa 55 bansa sa Asia, Africa, Latin America at Europe noong Hunyo at Setyembre kaugnay ng paggunita ng World Food Day.

Ayon sa Gallup, 40% ng mga Pilipino ang nagsasabing madalas o paminsan-minsang walang makain o kulang sa pagkain nitong nakaraang 12 buwan. Lumabas sa sarbey na pinakamataas ang tantos ng kagutuman sa bansa sa Metro Manila, ang pambansang kabisera kung saan apektado ang kalahating milyong pamilya.

Ang mga bansang sinarbey ng Gallup kung saan pinakamatindi ang kagutuman ay ang 1) Cameroon, 55%; 2) Pakistan, 53%; 3) Nigeria, 48%; 4) Peru, 42%; 5) Pilipinas, 40%; 6) Bolivia, 35%; 7) Guatemala, 35%; 8) Ghana, 32%; 9) Mexico, 23%; at 10) Russia, 23%.

Mas malala pa ang resulta ng sarbey ng Gallup kumpara sa nakababahala nang resulta ng sarbey ng Social Weather Stations kung saan lumabas na 16.8% ng mamamayang Pilipino ang nakaranas ng kagutuman nitong ikatlong kwarto ng 2008.



#### Pagtatakip sa iskandalo ng "Euro Generals," tinuligsa

TINULIGSA nina Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna ang desisyon ni Rep. Rodolfo Albano, tagapangulo ng House Committee on Public Order and Safety, na suspendihin ang imbestigasyon sa ilang matataas na upisyal ng Philippine National Police (PNP) na tinaguriang "Euro Generals." Hindi sinang-ayunan ng mga progresibong mambabatas ang pagdadahilan ni Albano na ang kaso'y iniimbestigahan na ng PNP, National Police Commission (Napolcom) at Office of the Ombudsman.

Sina Ocampo at Casiño and may-akda ng House Resolution No. 843 na nananawagan ng lubusang imbestigasyon sa walong upisyal ng PNP na dumalo sa pulong ng Interpol sa Russia noong Oktubre. Pauwi na sila noong Oktubre 9 nang harangin ng mga pulis sa paliparan ng St. Petersburg si P/Dir. Elizeo de la Paz dahil sa dala niyang P6.9 milyon (105,000 euros), higit sa ipinahihintulot ng batas. Isang linggong nabimbin ang heneral kasama ang kanyang asawa habang pinauwi naman sina P/Dir. Director Silverio Alarcio, German Doria at Romeo Ricardo, Dep. Dir. General Emmanuel Carta at Ismael Rafanan, Chief Supt. Jaime Caringal at Supt. Elmer Pelobello.

Sa imbestigasyon ng Senate Foreign Affairs Committee noong Oktubre 23, hindi maipaliwanag nina Interior Secretary Ronaldo Puno (kasalukuyang hepe rin ng Napolcom) at Police Director General Jesus Verzosa kung bakit ganoon kalaki ang pabaon sa matataas na upisyal ng PNP na kasa-kasama pa ang kanilang mga asawa. Barya lamang ang halagang ito kumpara sa milyun-milyong pondong sangkot sa iba pang mga iskandalong kinasasangkutan nina Arroyo at mga

alipures niya. Gayunman, ayon sa mga naggigiit na imbestigahan ang insidente, imoral ito sa harap ng malubhang kahirapan sa bansa.

Maraming ibinibigay na mga dahilan sina Puno at Verzosa na nagpapalabo kundi man nagtatakip lamang sa isyu. Anila, ang dala-dalang pera ay "cash advance," "contingency fund" at nitong huli, pambili umano ng mga kagamitang paniktik. Lumalabas na bukod sa P6.9 milyong dala ni De la Paz, dating comptroller ng PNP, may "contingency fund" pang P2.192 milyon o P274,070 kada isa.

#### Impeachment laban kay Arroyo, iniendorso ni JDV

INIENDORSO ni dating Speaker Jose de Venecia Jr. ang kasong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo nitong Nobyembre 4. Pinirmahan niya ang mga papeles nito sa konsulada ng San Francisco, California kasama ang mga Pilipino-Amerikanong kasapi ng Bayan-USA, Gabriela at National Alliance for Filipino Concerns. Pormal na isusumite ang dokumento sa Mababang Kapulungan sa pagbukas ng sesyon nito sa Nobyembre 10. Kasabay nito, ipinahayag ni De Venecia na gusto niyang tumestigo sa kaso at isiwalat ang lahat ng personal niyang nalalaman hinggil sa mga kasong korapsyong kinasasangkutan ni Arroyo.

Ang pang-apat na kasong *impeachment* mula 2004 ay isinampa noong nakaraang Oktubre ng anak ni De Venecia na si Joey, Atty. Harry Roque at Iloilo Vice Gov. Rolex Suplico. Nauna itong iniendorso nina Rep. Satur Ocampo at Teddy Casiño ng Bayan Muna at Rep. Liza Maza ng Gabriela Women's Party. Kabilang sa reklamo ang hayagang pang-aabuso sa poder ng pangulo; mga paglabag sa konstitusyon; kasong korapsyon tulad ng NBN-ZTE deal, Northrail Project at ₱728 milyong *"fertilizer scam"*; at mga ekstrahudisyal na pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Samantala, patuloy na nananawagan sina Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP); Archbishop Oscar Cruz ng Lingayen-Dagupan (Pangasinan); Bishop Emeritus Jose Sorra ng Legaspi (Albay); Bishop Joel Baylon ng Masbate; at Bishop Socrates Villegas ng Balanga (Bataan) na kailangan nang kagyat na palitan ang gubyernong Arroyo dahil sa malalang korapsyon nito.

Sinuportahan ng Bagong Alyansang Makabayan at mga patriyotiko at progresibong organisasyon ang panawagan nina Lagdameo. Sumuporta rin si Archbishop Leonardo Legaspi ng Nueva Caceres (Camarines Sur); ang Bishop-Businessmen's Conference na pinamumunuan ni Archbishop Antonio Ledesma ng Cagayan de Oro; National Council of Churches in the Philippines; at Chief Justice Reynato Puno ng Korte Suprema. Nakiisa rin si Rev. Eddie Villanueva ng Jesus Is Lord Movement na nanawagan sa lahat ng lider ng CBCP, mga simbahang Protestante at Evangelical, mga lider-relihiyosong Muslim at iba pang grupong relihiyoso na mag-usap-usap at magbalangkas ng komun na paninindigan at nararapat na mga hakbangin.



Taon XXXIX Blg. 21 Nobyembre 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Korapsyon sa gitna ng krisis

In uling sumambulat ang walang hangganang korapsyon, kabulukan at pagmamaniobra ng rehimeng Arroyo sa pagputok na naman ng dati at bagong malalaking kaso ng korapsyon. Lalong tumatampok ang usapin ngayon dahil sa iba't ibang paraang ginagawa nito para mapigilan ang imbestigasyon kay dating Undersecretary of Agriculture Jocelyn "Jocjoc" Bolante. Si Bolante, punong opereytor ni Arroyo noong 2004 sa pagkulimbat ng P2.8 bilyong pondo ng Ginintuang Masagang Ani ay pinabalik kamakailan sa Pilipinas makaraang tanggihan ng US ang hiniling niyang asylum (pagkanlong) doon.

Walang pinag-iba ang mga maniobra ngayon ng naghaharing rehimen sa pagbusal din nito sa iba pang maaaring tumestigo hinggil sa mga krimeng kinasasangkutan ng pamilyang Arroyo. Ang desperado at garapalang pagtatangka ng rehimeng Arroyo na pigilang magsalita si Bolante sa Senado ay nagpapakita ng lubha nilang pagkatakot na malantad sa publiko ang kinasasangkutan nilang mga katiwalian at kri-

ng bayan.

Puspusan ang pagsisikap ng rehimeng Arroyo na panatilihing nakapinid ang mga lihim

men na tivak na maka-

pagpapasiklab sa galit

ng katiwalian sa pondo ng Ginintuang Masaganang Ani lalo't balak nilang gamitin muli ang gayong iskema sa nalalapit na eleksyong 2010. Sa panukalang badyet ng rehimen para sa 2009, mahigit \$\mathbb{P}\$3.3 bilyon ang inilaan ni Arroyo para umano sa pagbili at pamamahagi uli ng abono. Bahagi ito ng \$\mathbb{P}\$7 bilyong bagong alokasyon para sa Ginintuang Masaganang Ani—ang mismong programang ginawang palabigasan nina Arroyo at Bolante noong 2004. Kaliwa't kanan ang iba pang pakana nina Arroyo at ng kanyang mga alipures

upang ibayo pang malimas ang kabang-yaman ng bayan.

Ang paglala ng korapsyon ni Arroyo nitong huling mga taon ng kanyang paghahari ay bahagi ng mga paghahanda niya para lalong matiyak ang pananatili niya sa poder lampas sa 2010. Lalong humihigpit ang kapit niya sa poder sa labis na pangambang panana-

gutin siya sa kanyang mga kasalanan sa bayan.

Ilampung bilyong pisong pondo ang tinitipon ni Arroyo bilang paghahanda sa haharapin niyang mga pampulitikang labanan kaakibat ng pagsisikap niyang magpatuloy ang kanyang kapangyarihan lag-

kapangyarihan lagpas sa kanyang kasalukuyang termino. Gagamitin niya itong pambili ng suporta ng mga pu-

Mga tampok sa isyung ito...

26 armas nasamsam, 43 kaswalti ng AFP-PNP PAHINA 4 7 detenidong kasama sa Quezon, itinakas ng BHB PAHINA 5 Imperyalismong US sa ilalim ni Obama

PAHINA 11

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*